Magasin ng BAGONG Buhay

Abril 21, 1957

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LIBRARY
APR 22 1957
Indexed AYA



ISANG DILAG NG PATEROS...

# ISANG HUWARANG NAYON



Nang maganap ang malaking sunog sa Katbalogan, Samar, ang mga taga-Dampalit ay parang iisang taong kumilos. Gumawa sila ng isang abuluyan (salapi, damit, pagkain) at ipinadala sa mga biktima ng sunog. Sa larawan ay makikita ang isang taga-Dampalit na nagkakaloob ng kanyang nakayanang tulong para sa mga nasunugan, sadyang sisidlan sa tabi ng lansangan...



Itinuturo rito ng isang taga-Dampalit ang nakatitik sa isang paskel na tumutukoy sa naganap na trahedya sa Katbalogan. Anang mga titik: "Huwag nawang mangyari ito sa atin... Tumulong sa mga nasunugan, gaya nito."

## ANG DAMPALIT AY MALIIT AT KARANIWANG AT PAGTUTULUNGAN NG MAGKAKANAYON AY

ISANG maliit na nayon ang paksa rito: ang Dampalit, Malabon, Rizal. Katulad ng ibang karaniwang nayon, ang Dampalit ay hindi naiiba — kung sa tanawin at galaw ng pamumuhay. Subali't isang bagay ang ikinatatangi ng nayong ito: ang diwa ng pagtutulungan, pagkakaisa at kagandahang-loob ng mga namamayan. Sa Dampalit, halos lahat ay nagkakaisa sa mga simulain at paninindigan. Ang ano mang panukala ng isa, kailanpama't makabubuti sa nayon, o sa kapakanan ng mga mamamayan, ay pinapangalawahan at itinataguyod ng lahat.

Hindi lamang iyan. Sa nayong ito ay di nakikilala ang karamutan. Ang lahat ay may bukas na puso sa pagtulong at pagdamay sa kapuwa, kung siyang kinakailangan. Nagkakabuklod din sila sa ano mang kilusang may mahahalagang layunin...

Sa kabuuan, ang nayon ng Dampalit ay isa ngang huwarang nayon. Ang mga larawang kalakip nito ay isang katunayan.


MAGASIN NG BAGONG Buhay


Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.

Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO Sa sining: PETE VENEZUELA



Masasayang nangapatingin ang ilang taga-Dampalit sa kumuha ng larawang ito. Ang karitela sa dakong kanan ay kinalululanan ng isang sakong bigas na kaloob ng ilang tagaroon para sa mga kawawang naging biktima ng sunog.

Nang mamatay ang Pangulong Magsaysay, ang mga taga-Dampalit ay parang iisang taong nagsipagluksa. Ang simbahan (nakalarawan) at mga bahay-bahay ay nagkabit ng mga lasong sagisag ng pagdadalamhati at pangungulila.



Masasabing anak-mahirap ang karamihan sa mga taga-Dampalit. Nguni't sa gitna ng kahirapan ay nakadarama sila ng kasiyahan. Ang pagtutulungan ng magkakapitbahay ay karaniwang tanawin sa nayong ito.






Ang babaing na sa ibaba ay kabilang sa mga nangalap ng abuluyang beinte-beinte na siyang ibinili ng mga lasong ikinabit sa bawa't bahay sa Dampalit. Nasisiyahang pinagmamalas niya ang lasong naikabit na sa isang bahay.

## BARYO, NGUNIT ANG PAGKAKAISA KAHANGAHANGA AT ISANG HUWARAN

Ito ang Sanggunilang Nayon sa Dampalit. Dito madalas magkatipun-tipon ang magkakanayon upang talakayin ang lalong mahahalagang kilusan sa ikauunlad ng kanilang nayon. Ang isa sa mga alituntuning itinataguyod na nayon ay: "Bakahin ang Kahirapan!"




Sa pangangasiwa ng "Dampalit Civic Club," ng kapisanang "Hiyas ng Nayon" at ng iba pang samahan sa Dampalit, naging masigla ang abuluyan para sa mga nasunugan sa Samar. Dito'y makikita ang pisarang pinaglilistahan ng mga abuloy sa mga nasunugan.



# Isang Dilag at Balot Pateros



*Si Gilda, gaya ng nababanggit sa ibaba, ay malimit na siyang gumaganap ng mga gawaing pantahanan. Dito'y makikita siyang namimili ng mga balot-Pateros na ayon sa kanya'y masustansiya at pampalusog ng katawan.*

*Si Gilda ang nagluluto ng balot para sa kanilang mag-anak... pagka't ayon sa kanya'y higit na malinamnam ang luto sa bahay.*



*Sa pag-uwi ni Gilda na dala na ang isang basket na balot —Pateros, minsan pa siyang umayos nang nakangiti para pakuha ng larawan. Ito'y sa pagpapaunlak lamang naman niya sa kapritso ng aming potograpo (Ben Santos) na nais siyang kunan sa iba-ibang anggulo...*



## Ang Pabalat...

Si Bb. Gilda Sanchez Santos ng Pateros, Rizal ay isang parmaseutika na nagtapos sa Unibersidad ng Santo Tomas. Sa kasalukuyan, siya'y namamasukan sa isang malaking botika sa Maynila.

Kapag Linggo o mga araw na walang pasok, si Gilda ay malimit na siyang tumutupad sa kanila ng mga gawaing pambahay. Magaganda ang mga simulain niya sa buhay... kaya naman marami siyang tagahanga.

## Ayon sa Kanila...

Hindi na maalis-alis ang masamang gawi ng maraming konduktor sa bus. Pag nagbigay ka ng buo, hindi kaagad ibinibigay ang sukli. At kadalasang nangyayari, nalilimutan na tuloy ng pasahero, laluna kung nagmamadali. Ang nakapaghihinala sa mga konduktor na ito, may hawak namang mga baryang panukli ay kung bakit liligid-ligid muna sa mga pasahero, at kung hindi mo pa tawagin upang hingin ang iyong sukli ay hindi ka susuklian. At may tila pagulat pang: "Ba, siyanga pala!" Paano, kung makalimot nga naman ang isang pasahero, ay di "kuwalta na". At makalimang ulit sa maghapon na makalimot ng sukli ang pasahero ay malaki-laki rin nga namang karagdagang kita sa isang buwan.

Ang ganyang gawi ng maraming konduktor ay dapat maputol sa kapakanan ng mga pasahero. At ang dapat magpaalaala at magbigay ng babala ay ang mga pinuno ng pinaglilingkurang kompanya. — Demetria Santos, Sta. Cruz, Maynila.

---

Tiyak na kakandidato sa reeleksiyon ang Pangulong Carlos Garcia. Nguni't ngayon pa lamang ay may mga tanda nang tila "walang gusto" sa kanya ang bayan. Maraming mababanggit na pangyayari, at ang isa'y ang larawang nalathala kamakailan sa mga pahayagan, nang magtungo ang Pangulong Garcia sa Kabisayaan at dalawin ang pook ng mga nasunugan sa Samar.

Sa larawang iyon, maliwanag na makikitang iilang tao lamang ang sumalubong sa ating Pangulo, hindi gaya ng maraming taong nagkakagulo at halos magsalyahan upang makalapit lamang sa Pangulong Magsaysay saan mang pook magtungo ang yumaong Idolo ng Bayan. Hindi ba ito'y isang malinaw na tandang mailap sa kasalukuyang punong tagapagpaganap ang damdamin ng mga mamamayan? At hindi rin ba ito'y isang tandang "mahihirapan" siyang manalo sa darating na halalan?

Kaya, sa ganang amin, tila dapat nang "umurong" ang Pangulong Garcia upang hindi siya "magkain ng alikabok" sa darating na halalan. — C. B. Reyes, San Juan, Rizal.

---

Ang komunismo ay mahigpit na binabaka natin sa iba't ibang kaparaanan. Nguni't isang bagay, na siyang pinakamalakas na panglaban sa komunismo, ang tila siyang hindi ganap na nahaharap ng mga pinuno ng ating bayan. Ito'y ang suliranin sa kawalang hanapbuhay. Hanggang ngayon, di mabilang ang mga walang hanapbuhay, nguni't wala namang maibigay na gawain para sa mga ito ang ating gobyerno. At ang mga taong nagugutom, katulad ng mga walang hanapbuhay na ito, ay siyang madaling madala ng kamandag ng komunismo.

Kung lubusang haharapin ng pamahalaan ang tungkol sa suliranin ng mga walang hanapbuhay at mabibigyan ng gawain ang lahat nang walang trabaho, iyan ang higit na malakas at siyang pinakamabisang hakbang na magagawa upang bakahin ang komunismo rito sa ating bansa. —Petronilla Fe, Marikina, Rizal.

---


Hanggang ngayon ay naglipana ang maraming pulubi sa iba't ibang dako ng lunsod. Nguni't kung hindi kami nagkakamali, ilang ulit nang gumawa ng kilusan ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tangkilikin ang mga pulubing iyan, o dili kaya'y ilagay sa mga dapat nilang kalagyan. Bakit nga hanggang ngayon ay hindi nababawasan ang mga pulubing naglipana sa siyudad? Hindi kaya muli na namang nalilimutan at napababayaan ng ating mga pinuno ang tungkol sa bagay na ito? —Alipio de Guia, Azcarraga, Maynila.

---

Marami nang Huk ang sumuko at nahuhulog sa kamay ng batas. Ilang araw lamang ang nakaraan, dalawa pang Huk na kinikilalang kilabot sa Batangas ang nabihag ng mga tauhan ng ika-36 na Kompanya ng PC. Ito'y mainam na tandang ang kilusan ng hukbo at pamahalaan upang mapasuko ang mga "taong labas" ay nagiging mabisa.

(Sundan sa pah. 31)


Sa 2-6 na saglit ang manlalarong basketbol ay nakalulusot at naibubuslo ang bola .... Ngunit wala pang--



DALAWANG SAGLIT

ang

Cortal

ay nagkakabisa kaagad!



GAWIN ITONG PAGSUBOK!

**Upang mapatunayan kung gaano kabilis magkabisa ang CORTAL, maghulog ng isang tableta sa isang basong tubig at pagmasdan ang dagliang pagkatunaw nito. Ang nangyayari sa baso ay siya ring nangyayari sa inyong tiyan.**

Kung kagyat na ginhawa sa sakit ng ulo, sipon, lagnat o trangkaso ang inyong kailangan lumunok ng CORTAL! Wala pang dalawang saglit ay nagkakabisa ang CORTAL!

Hindi lamang kagyat na ginhawa ang naidudulot ng CORTAL. Malulunok ninyo ito ng buong pagtitiwala. Ang CORTAL ay ligtas at mabisa kaya ang mga manggagamot ay palagiang inihahatol upang pawiin ang kirot.


Huwag magbakasakali sa ibang pamawi ng kirot. Upang pawiin ang kirot at mga bagabag sa ligtas na kaparaanan laging lumunok ng CORTAL. Ang CORTAL ay napapasainyo na nakasilid sa kilalang dilaw at asul na "cellophane" na may larawan ng tanyag na si Kapitan CORTAL.

KAILAN MA'T SUMPUNGIN NG KIROT, HINGIN ANG—

Cortal

DAGLI • LIGTAS • TIYAK

Ea. tablet contains: Acetylsalicylic Acid 0.25 gm.; Phenacetin 0.15 gm.; Caffeine 0.05 gm. — 39-1





Dalawang buhay ang nasawi sa sakunang ito na naganap sa Guiginto, Bulakan. Isang kotseng pa-Maynila at isang Baliuag Transit ang nagkabanggaan sa pambansang lansangan. Ang mga namatay ay si Tristan R. Cruz at ang kanyang kapatid na si Myrna.



Ang wasak na "Mt. Pinatubo", matapos mabagok at bumagsak sa Bundok ng Manungal. Higit pa sa kinasapitan ng aeroplanong ito ang sinapit ng kanyang mga sakay na kinabibilangan ng mga taong ang kamatayan ay malaking kawalan ng bansang Pilipinas.

# MARSO '57:

## Ang "Kalupitan" Ng Marso '57 Ay Masusukat Natin Sa Mga Sakunang Naganap Na Dito'y Kabilang Ang Pinakamalubha Sa Kasaysayan Ng Pilipinas



Ang kauna-unahang larawan ng mga nakaligtas sa pagkasunog ng MV Don Enrique sa malapit sa Mindoro. Makikita ang dalawa sa maraming nagtamong-pinsala sa aksidenteng ito.

SA BAWA'T SIGLO ay may taong sinasabi nating malupit dahil sa karamihan at kalubhaan ng mga sakunang naganap sa kanyang panahon. At sa bawa't taon ay may malupit ding buwan sa gayon ding batoyan. Sa taong 1957, bagaman marami pang buwan ang lalakaran bago magtapos ito, ay walang pasubaling masasabi na ang Marso na ang pinakamalupit!

Unang-una nang mababanggit sa "masasaklap na dagok" ng Marsong nagdaan ang pagkabagok ng aeroplanong "Mt. Pinatubo" ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay sa Bundok ng Manungal na siyang naging sanhi ng pagkasawi ng isang dakilang lider at ng dalawampu't lima pang mga kilalang tao sa bansang Pilipinas. Matuturol din ang pagsabog ng isang punlong ginawang tungko ng kalan na sumawi ng anim na buhay at lumikha ng maraming sugatan sa isang kasalan sa San Fernando, La Union; ang pagkalason ng dilis sa isang mag-anak sa Kabite; ang magkapanunod na malubhang sakuna sa trapiko sa Bulakan na puminsala sa labingsiyam katao na dito'y dalawang buhay ang nasawi; ang pagkapinsala rin ng dalawampu't apat nang ang isang bus na pampasahero ay mahulog sa



◀ Kuha ang larawan nang iniaahon sa katihan ang mga biktima ng isa pang malubhang sakuna sa sasakyang-dagat na naganap sa Kabisayaan.

Ito naman ay nang binabaka ng mga bumbero ang sunog sa purok ng Sta. Cruz na tumupok ng ari-ariang nagkakahalaga ng ₱60,000. ▶

Sakuna pa rin sa trapiko. Dito'y isa ang namatay at apat ang nasugatan dahil sa pagtaob ng jeep na pinatatakbo ng isa sa mga napahamak.





# BUWAN NG SAKUNA

isang bangin sa Kamarines Norte; ang pagkatupok ng dalawang milyong piso at labingsiyam na tahanan nang magkasunod na maganap ang sunog sa lunsod ng Osamis at Naga, at ang pagkapinsala rin ng dalawampu't isa pang pasahero nang bumaligtad ang isang sasakyan sa Silang, Kalawag, Quezon noong ika-20 ng nasabing buwan.

Anopa't ang "kalupitan" ng Marsong yaon ay buong linaw na napagkilala sa mga ulo ng mga balita sa pahayagan: **27 Malubha Sa Mga Kapahamakan, Nasawing 6 Sa Mga Banggaan, Mag-anak Na Nalason ng Isdang "Bolinaw", 2 Banggaan: 2 Patay At 11 Ang Nasugatan, 19 Katao Pang Naospital, 2 Patay Sa Pulutong Na Nasagasa Ng Bus, Mag-asawang Sinilaban Sa Bahay Nila, Nalitson Sa Sunog Na Tatlong Bata, Kareta Ng Jeep; 1 Patay Sa 17, 21 Bahay Na Ginupo Ng Ipo-ipo, Apat Na Namatay Sa Alitan sa Sabong** at maraming iba pa.

Ang Marso. . 1957 ay talagang malupit. Sa buwang ito naulila ang isang bansa sa isang dakilang pangulo at sa buwan ding ito "nawalan" ng isang mahalagang lider ang malayang daigdig nang yumao ang isang nilikhang nagngangalang Ramon Magsaysay!


FORMULA—EACH TABLET CONTAINS: MAGNESIUM HYDROXIDE .300 GM.

## ANONG LAKING GINHAWA!




Matapos makainom, pagdating ng bahay, Ang buong paligid ay gigiray-giray.

Huwag mabahala, saklolo'y dumatal Upang tulungan sa abang kalagayan.

Lumunok pagdaka ng tabletang Phillips, Mahimbing pagtulog inyong makakamit.

Ito'y di panaginip! Ang bago, may lasang kanaisnais na TABLETANG PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA ay nagdudulot ng pinakaligtas, pinakatiyak at pinakamabilis na ginhawa ukol sa masamang sikmura sanhi sa malabis na pagkain o paginom. Sa pag-ulit na magdusa sa di pagkatunaw o masamang sikmura subukan ang TABLETANG PHILLIPS' at damhin ang ginhawa.

Ang TABLETANG PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA na nasa paketeng "cellophane" ay napakagaan at napakatipid. Maisisilid sa inyong lukbutan o hanbag. Lumunok ng isa ano mang oras, kahit saan, ukol sa mga bagabag o sakit ng sikmura. Ito'y basta nalulusaw sa inyong bibig.





**PHILLIPS'** TABLETANG MILK of MAGNESIA

BABAE AT TAHANAN


# MGA PAGKAIN NATIN



INIHAW NA BANGUS — Iayos ang mga gilit na tulad ng nakikita sa larawan. Pigaan ng kalamansi at budburan ng asin at paminta. Ihanay ang seleri at ang mga talop na maliliit na sibuyas sa paligid upang lalong maganyong katakam-takam.



ENSALADANG AMPALAYA — Upang mabawasan ang pait ng gulay, lamasin sa kaunting asin at tubig. Pagkatapos ay ibabad nang bahagya sa suka, asin at paminta. Ilagay sa pinggan at gayakan ng hipon, hiniwang kamatis at kintsay, katulad ng na sa larawan. Masarap na pang-ulam sa pritong isda at pampagana rin sa pagkain ang ensaladang ito.



ALMUSAL — Ang papaya, dilis at kamatis, kanin at isang tasang tsokolate ay isang mabuting huwaran ng pinagtambal-tambal na masustansiyang pagkain. Ang pagsunod sa ganitong halimbawa ay magdudulot sa inyong katawan ng kinakailangang kalusugan.

# KAYO AT ANG INYONG SANGGOL

ni Dr. Fe del Mundo
Isinalin sa Tagalog
ni Paraluman S. Aspillera

### Kaalamang Pangkalusugan

Nalalaman ba ninyo ang mga huling karunungan at mga balita tungkol sa wastong pag-aalaga at pagtuturo sa inyong mga anak? Matiyaga ba ninyong sinusundan-sundan ang mga kabaguhan at mga bagong tuklas na bagay para sa kalusugan ng inyong sanggol? O kayo kaya ay nasisiyahan na lamang sa mga karanasan ng inyong mga kamag-anak at mga kapitbahay na maluwag na nagpapayo sa inyo?

Marahil ay mapupuna rin ninyo na maraming mga kurukuro, panglunas, mga pamamaraan at mga gamot ang nagbabago sa loob ng ilang taon lamang. Nabalita na marahil ninyo o nakikita na ang Medisina ay totoong maunlad.

Mga manggagamot na rin ang nagsasabing mahirap na makisunod sa mabilis na kaunlaran sa karunungang ito, kahit na sa kanilang sariling espesiyalidad. Kaya't dahil dito, kinakailangan niyang dumalo sa mga kapulungan, mga pulong-siyentipiko ng mga samahan sa panggagamot, magpasariwa ng mga pagtuturo at sanayan dito sa Pilipinas at sa ibang bansa man. Kailangan din niyang magbasa ng mga aklat at sulating nauukol sa panggagamot.

Kasinghalaga ang kayo'y makaalam ng lahat ng mga suliranin ng medisina at mga balitang nauukol sa kalusugan. Magiging mahalaga ito sa inyong tahanan at sa inyoring tinitirhang bayan. Maraming sukat pagmulan ang kaalaman tungkol sa kalusugan, ang kailangan lamang ay ang inyong kagustuhan at kahandaang tumanggap nito.

Una, mayroon tayong mga aklat tungkol sa Pag-aalaga ng Sanggol na may iba-ibang gulang na napagkukunan ninyo ng mahahalagang kaalaman at mga dahilan ng kahalagahan ng bawa't isa nito. Mayroon ding mga lingguhan at buwanang magasin na nauukol ng mga dahon tungkol sa mga kaalaman sa panggagamot dito sa atin at buhat sa ibang bansa. Nagpapalabas din sa tuwi-tuwina, ang ating Kagawaran ng Kalusugan ng mga balita tungkol sa mga sakit na umiiral at mga kagamutan at pag-iingat nito. Ang mga agarang pagbabalita tungkol sa mga suliraning pangkalusugan, at mga talaan ng mga sakit na umiiral at mga namamatay dahil dito, ay inilalathala ng ating mga pahayagan. Huwag kaligtaang basahin ang mga balitang ganito. Makapupulot kayo ng mga nararapat malaman tungkol sa mga pag-iingat upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga sakit na ito.

Laging dumalaw o sumangguni sa inyong doktor sapagka't siya lamang ang makapagbibigay sa inyo ng mga kaalaman at mga balitang nauukol sa kalusugan ng inyong anak o sa ano mang sakit na kanyang dinaramdam.



Sa mga paaralan, kadalasan, ay may mga palatuntunan at mga gawaing nauukol sa mga bata at sa mga magulang din naman. Huwag ninyong panghihinayangan ang pagdalo sa mga ganito sapagka't mayroon kayong laging mapupulot na kaalamang magiging mahalaga para sa inyong mga anak at para sa inyo rin. Ang inyong kasiglahan sa pagtulong at pakikiisa ay siyang nais ng mga pinuno at guro ng paaralan, at ito rin ay makapagtuturo sa inyong mga anak ng pagpapahalaga sa kalusugan habang sila'y maliliit pa.

Ang mga "Health Center" at mga klinika ay pawang tumutulong din sa mga gawaing nauukol sa pagpapalusog ng mga mamamayan. Kailangang kayo'y makibahagi sa ano mang mga gawaing ginagampanan sa inyong pook tungo sa kalusugan at yakagin ang inyong mga kamag-anak at kapitbahay sa ganitong mga kilusan. Sa ibang pook ay may mga panayam na pangmadla na pinamamahalaan ng mga sangay ng Kagawaran ng Kalusugan o ng mga samahan ng mga manggagamot. Kung sa inyong lugar ay wala ng mga ito, maaari kayong manguna sa pagbabalak ng mga ganitong panayam o klase sa tulong ng ilang lipon ng mga mamamayang marunong magpahalaga sa kalusugan.

Ang mga nars na dumadalaw sa bahay ay maaari ring magbigay sa inyo ng mahahalagang kaalaman tungkol

(Sundan sa pah. 17)

# Mga Payo Ukol Sa Iba't ibang Pagkakataon

### SA PAGTITIPON

Ang mga sumusunod ay mga payo sa mga nagbabalak magdiwang ng isang salu-salo. Kinakailangan ang mga ito upang maging masaya ang pagtitipon.

1. Piliing mabuti ang mga taong aanyayahan katulad ng ginagawang pagpili ng mga direktor ng artistang gaganap sa isang pelikula. Ang salu-salo ay maaaring maging masaya o malungkot sa pagbabalak pa lamang. Huwag aanyayahan sa isang gabi ang lahat nang mapagbiro at mausap na mga kaibigan. Magkakaroon ng kagalitan at pagtatalo. Huwag ding mag-aanyaya sa pulos na tahimik o mga taong iisa ang hanapbuhay o hilig sapagka't ang paksa ay pawang nauukol sa iisang himig. Halimbawa, kung mga dentista ay tungkol sa ngipin lamang ang pag-uusapan. Kung magkakaiba ang mga hanapbuhay, ang salu-salo ay magiging ganap na masaya.
2. Ang bahay ay kinakailangang maging malinis subali't iwasan ang pag-aayos na mabuti at nang ang panauhin ay mapalagay at di mahiya na magulo o marumihan ang mga kagamitan. Sa madaling salita, ang dating kaayusan ay tama na. Ang kailangan ay kaunting linis na lamang ng sahig.
3. Huwag paaabot sa mga panauhin na kayo'y nakaupo at naghihintay sa kanila. Paabot kayo nang may ginagawa. Sila ay makararamdam na sila ay na sa sarili at hindi nangakaupo lamang na naghihintay pa sa ibang panauhin.
4. Maraming tao ang anyayahan at nang lalong maging masaya ang pagtitipon.
5. Hindi sa sala lamang dapat mamalagi ang mga tao. Kung 2 o 3 silid ang ipagagamit at pati na ang kusina, magiging parang na sa sariling tahanan ang mga panauhin.
6. Sa "buffet style", o ang paghahain ng lahat ng pagkain sa hapag, hayaang sila na ang pumili at kumuha ng kanilang ibig. Naiiwasan ang pagkatapon ng labis na pagkain.
7. Iwasan ang mga pakikinig sa radyo, telebisyon at pagpapalabas ng sine o kaya ay ang pagtingin sa album. Hindi mananahimik ang lahat at sa gayon ay magiging kapaki-pakinabang ang pagbabalitaan at pagpapalitan ng kuru-kuro.

### SA MGA BINATA

Mahalay bang pansinin ng lalaki ang lumalabas na kamison ng kaibigan?

Nararapat na pansinin ng lalaki ang gayong kaayusan kung may pook na mapagkukublihan, subali't kung wala rin

(Sundan sa pah. 17)

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl.oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr. 12-2

Tmabulov sa KRUS NA PULA

# Mga Damit na Panglakad

Ang ikinagaganda ng damit ay wala sa halaga kundi na sa tabas o pagkakayari. Ang paglalagay ng kombinasyon, butones o laso ay makatutulong sa pagpapaganda ng mga tabas ng inyong mga damit.
Bago kayo magpagawa o sumunod sa ano mang makabagong moda ay dapat isaisip kung babagay sa inyo ang gayong tabas sapagka't may nakapagpapataba at nakapagpapapayat Kaya, walang lalong mabuti kundi itanong muna sa sarili ang ganito: "Bagay kaya sa akin ang tabas na ito?"



*"Pique" ang tela ng damit na ito. Nababagay ang tabas na ito sa mga babaing may katamtamang pangangatawan.*



*Karaniwan lamang ang pagkakayari ng damit na ito, subali't napakaginhawa namang isuot lalo na sa panahong itong tag-init.*



*Ang bulaklakang damit na ito ay lalong naging kaakit-akit nang malagyan ng "ruffles" ang pangitaas. Mapapansin ninyo na nilagyan ng makitid na "ric-rack" ang gilid ng "ruffles", at laso naman ang ginawang sinturon.*

# Mga Kasuotang Pambata






ANG MGA GUHIT SA ITAAS AY MADALI NINYONG MAPAPARISAN. ANGKOP ANG MGA YARING ITO NG DAMIT PARA SA MGA BATANG MAY APAT NA TAON HANGGANG SAMPUNG TAONG GULANG.

ANG ALPONSA, "LACE" O PUNTAS, AT IBA'T IBANG BURDA AY NAKAPAGPATINGKAD SA KAGANDAHAN NG MGA TABAS.

ANG MGA TITIK **ABÁKADA** AY MAAARING HUWARAN SA PAGBUBURDA NG PANGALAN SA MGA DAMIT NA ITO.

*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# ANG TINDERONG PILIPINO, KAY AKONG AY NATATALO




SA TINDAHAN ni Aling Angge, higit pang maraming langaw ang nagsisipasok kaysa mga mamimili. Kaya ang kaunti niyang mga paninda ay lalong umuunti sa pagdaraan ng mga araw. Nagngingitngit siya kay Akong na, kailan lamang ay naglalako ng taho, ngayon ay siya nang may-ari ng tindahang umaagaw ng kanyang mga suki.

Hindi makakumpitensiya si Aling Angge kahit batid niya ang mga taktika ni Akong:

T. Bakit po, ikan'yo, mahirap tularan si Akong?

**S. Sapagka't hindi ko magagawang ngumiti sa lahat ng oras.**

T. Ano po ang ibig ninyong sabihin?

**S. Si Akong ay ngiti nang ngiti. Pag may bumili sa kanya at nagalit, nakangiti siya. Kahit nalalamang dinadaya siya, nakangiti rin. Pag ginugulo ang ayos ng kanyang eskaparate, nakangiti pa rin. Aba, hindi ko magagawa 'yan!**

T. Wala naman po marahil nawawala sa kanya pag ngumingiti siya; bagkus nakakukuha pa ng maraming suki?

**S. Aanhin ko ba ang maraming suki kung lagi akong guguluhin?**

T. Kung sa pamamagitan noon ay dadami ang bibili sa tindahan ninyo, sana'y gumaya kayo kay Akong...

**S. Huwag mo akong pilitin, iho. Bukod sa mga ngiti ay mayroon pa siyang sandata: ang pagbibigay ng dagdag.**

T. Gaanong dagdag po?

**S. Halimbawa'y may bumili ng singkong patis. Kapag ang bumiling ito'y humingi ng dagdag na paminta, suka, bawang at kapirasong luya, walang tutol-tutol... magbibigay si Akong.**

T. Paminsan-minsan lamang po marahil...

**S. Maaari... nguni't kung mawili sila? Ayokong maging kunsintidor sa mga suki ko.**

T. Sa palagay ko po nama'y hindi siya nalulugi?

**S. Hindi nga. Lalo pa't iisiping noong araw ay nakikita ko lamang na naglalako iyan ng taho.**

T. Bakit po hindi kayo makipagsapalaran?

**S. Mahirap ang makipagsapalaran sa negosyo.**

T. E, ano po ang kailangan, sa palagay ninyo?

**S. Para sa akin ay ang tamang pagbibili at tamang pagsingil. Ang ibig kong sabihi'y walang pagdaraya sa mga bagay na ipinagbibili.**

T. Nandaraya po ba si Akong?

**S. Aba, oo.**

T. Sa paano pong paraan?

**S. Ang suka'y hinahaluan niya ng tubig; ang bigas na wagwag ay dinaragdagan ng elon-elon, ang mamahaling alak ay hinahaluan ng syok-tong kapag ipinagbibili nang tingi.**

T. Siguro'y ito po ang paraan niya ng pagbawi sa kanyang mga idinaragdag sa binibili ng mga suki niya?

**S. Nguni't ayaw kong mandaya.**

T. Datapwa't kasama po iyan sa pakikipagsapalaran sa negosyo.

**S. Oo sana, nguni't...**

T. Maiba po tayo ng usapan: tila po higit na mukhang malinis ang tindahan ninyo, a?

**S. Alam ko ang ibig mong sabihin; na sana'y higit akong nakatatawag ng pansin dahil sa kalinisan. Aywan ko nga ba kung bakit gusto pang bumili ng mga tao sa hindi mapagkatiwalaang tindero.**

T. Paano pong nagkagayon?

**S. Aywan ko... aywan ko.**

T. Marahil po'y alam ko na. May isang maruming lugar ang tindahan na nakabubuti sa mga mamimili, at ito'y hindi ninyo taglay.

**S. Hindi kita maunawaan.**

T. Mayroon po siyang maruming dinding. Ang nagpaparumi rito'y ang mga lista ng pautang ni Akong. Kaya marami siyang suki, hindi po ba?

**S. Hindi mo ako maaasahang magpautang nang gayong kalaki.**

T. Bakit po iyon ay nagagawa ni Akong?

**S. Pagka't may tiwala siya sa kanyang mga suki.**

T. Kung si Akong po'y nakapagtitiwala, bakit kayo'y hindi?

**S. Wala akong tiwala sa mga Pilipino.**

T. Sa atin pong mga kabalat? Bakit po?

**S. Hindi ko maipaliwanag kung bakit.**

T. Kaya po marahil hindi rin ninyo maipaliwanag kung bakit dinadaig kayo ni Akong?

**S. Hindi ko siya masisisi. Sobra ang kanyang kabaitan.**

T. Sa anong paraan pa po siya mabait?

**S. Sa maraming paraan: kapag may bumili ng maraming salop ng bigas, siya na ang bumubuhat niyon; kapag may kasamang bata ang mamimili, binibigyan niya ng isa o dalawang kendi ang musmos; kapag may kabataang ibig uminom ng alak, iyon ay pinagbibilhan niya kahit labag sa batas.**

T. Mabait nga po. Nguni't hindi po ba siya hinuhuli sa paglabag niya sa batas?

**S. Hindi ko nga pala nasabi; bukod sa mga ngiti niya sa kanyang mga suki, nakukuha rin niya sa ngiti ang mga inspektor ng kanyang mga paninda at tagamanman ng kanyang mga parokyano.**

T. Sana'y nagpapakabait din po kayo na tulad ni Akong. Bakit di kayo tumulad sa kanya?

**S. 'Yan ang hindi ko gagawin. E, di nawili ang mga taong iyon. Halimbawa'y magbigay ako ng kendi sa bawa't batang lumapit... di lugi ako.**

T. Sa palagay po kaya ninyo'y hindi ito nababawi sa makukuha ninyong mga suki?

**S. Hindi ako umaasa sa gayon. At, siyanga pala, may isa pang ikinalalamang na punto si Akong.**

T. Ang alin po?

**S. Ang kanyang katipiran. Akalain mong sa dinami-dami ng kita niya'y walang kinakain ang Akong na iyon kundi lugaw at pan-de-sal.**

T. Napakatipid nga, ano po?

**S. Hindi ko rin magagawa iyan. Ano na lamang ang sasabihin ng mga makakikita sa akin?**

T. Ngayon po'y alam ko na ang dahilan ng pananagumpay ni Akong. Alam ko rin pong higit ninyo itong nalalaman.

**S. Ano'ng ibig mong sabihin?**

T. Kung matutularan po ninyo ang **pagpapakasakit** ni Akong ay matutularan din ninyo ang kanyang pananagumpay, hindi po kaya?

**S. Tama. Alam ko na ang gusto mong imungkahi Ngayo'y sisikapin kong kumilos... katulad ni Akong.**

# HIWAGA NG ISANG BUHAY



ni Cesario L. del Rosario

**NANG MAUNAWAAN NIYANG MAY DAPAT SIYANG PAINUMIN SA KANYANG SARONG AY SAKA NASAID ANG TUBIG SA BUKAL**

SINO ang hindi nakakikilala kay Dante Rigor sa lipunan ng maririlag na babae ng lahi, lalo na sa Maynila? Tiyak na wala sapagka't si Dante Rigor ay isang "mahiwagang" lalaking bukang-bibig ng lahat. Mahiwaga siya sa dahilang dinarakila siya ng maraming mahihinang puso ng kababaihan gayong bantog na bantog ang kanyang pagiging "malikot" at "walang patawad" sa larangan ng ibig.

Nguni't ngayon ay alaala na lamang ni Dante Rigor ang naiwan sa lipunang iyan ng mga bulaklak ng lahi. At maging ang gunita ng kanyang "kadakilaan" sa pagluray sa mababangong talulot ng iba't ibang bulaklak ay unti-unti na ring pinapaparam ng lumilipas na panahon.

Ang dahilan? Inabot ng karamdaman si Dante Rigor... isang mabigat na karamdamang ipinalalagay ng marami na bunga ng kanyang kalikutan. Napatulad siya sa isang mapusok na bubuyog na nahagip ng matulis na tinik ng rosas at labis na nasugatan.

Sapagka't mayaman si Dante Rigor at lalo pang yumaman dahil sa "kabaliwan" ng mga dilag na nang nakaraang panahon ay walang panghihinayang na naghandog sa kanya ng lahat sa kanilang buhay, ay nakatungo siya sa Amerika. Doon siya nagpagamot.

Iyan lamang ang natatalos ng lahat at wala nang iba pa. Hindi na nila nabatid pa kung gumaling si Dante Rigor, kung ano ang nangyari at hindi na nakabalik sa Pilipinas, kung nag-asawa na roon, o kung tuluyan nang namayapa.

Maging si Rosita Doña, ang marilag na balo ni Don Maximo Señor, ay hindi pa rin nakalilimot at hanggang sa kasalukuyan ay dumarating ang mga sandaling nagugunita niya si Dante Rigor. Nadarama siya ng masidhing kalungkutan at pangungulila bagaman kapiling niya ang kanyang tatlong anak na naiwan ng yumao niyang asawang si Don Maximo.

Sapul nang mabalo siya may tatlong taon na ang nakararaan, ay lalo nang naging madalas ang pagdalaw sa kanyang gunita ng mga alalahaning may kinalaman kay Dante Rigor. May dalawampung taon na ngayon na hindi niya nababalitaan kung ano ang talagang nangyari sa buhay ng lalaking matagal din niyang hinangaan at dinakila. Binatilyo na ngayon ang kanilang panganay ni Don Maximo ay hindi pa rin siya nakalilimot. Kung minsan tuloy ay pinagtatawanan niya ang kanyang sarili dahil sa kabaliwang ito.

Sikapin man niyang lubusan nang maibaon sa limot si Dante Rigor na pinag-ukulan niya ng lahat sa kanyang buhay nang panahon ng kanyang kabataan ay talagang hindi niya magawa. Parang nadarama niyang buhay pa si Dante at ito'y magbabalik upang minsan pang magkalapit ang kanilang mga puso. Hindi niya matiyak kung iyan ay isang pangitain o isang pangaraping inaasam niyang matupad. Sinasabi ito sa tuwi na ng kanyang puso, ng hibang na pusong hindi yata tumanda gayong siya'y apat-na-pung taong gulang na.

At, narito ang himala ng kalikasan. Pagpasok na pagpasok ng buwan ng Mayo ay kauna-unahang nagtungo si Rosita Doña na kasama ng kanyang tatlong anak sa Antipolo. Nakagawian na nila ang gayon, taun-taon.

Pagkatapos magsimba ay napagkaisahan ng mag-iina na magtungo sa Hinulugang-Taktak upang maligo. Subali't nang mapatapat sila sa isang bagong katatayong **bungalow** sa malapit sa makasaysayang pook ay biglang nahilo ang bunsong anak na babae ni Rosita.

Pasigaw na tinawag ni Rosita ang kanyang binatilyo na nauuna sa paglakad.

—Ben, tulungan mo ako... Nahilo si Tessie...' —ani Rosita na nalilito at dimalaman kung ano ang gagawin samantalang inaalalayan ang bunso na magsasampung taong gulang na.

Isang lalaki ang biglang sumugod na papalapit sa kinaroroonan ni Rosita. Magalang itong naghandog ng tulong.

—Itulot ninyong buhatin ko siya sa bahay ko... —sabi ng lalaking matikas ang tindig, maginoong kumilos at magsalita, at matipuno ang katawan baga man may mangisa-ngisa nang puting buhok. —Nakita ko ang nangyari at hindi ako nakatiis. Kailangang magamot agad siya.

Napatunganga lamang si Rosita. Wala siyang nasabing ano man samantalang malakas na kumakaba ang kanyang dibdib habang nakatitig sa mukha ng lalaking iyon.

Binuhat ng lalaki si Tessie at dinala sa loob ng **bungalow** na may ilang hakbang lamang ang layo mula sa kinahiluhan ng bata. Nagkatinginan lamang ang mag-iina at walang imikang sumunod sa mahiwagang lalaki.

Inihiga ng lalaki ang bata sa naroong magandang kama. Pinaupo nito sina Rosita saka dali-daling kumuha ng mga kailangang gamot.

—Mediko ho ba kayo? —tanong ni Ben na hindi na nakatiis sa pagwawalang-kibo.

—Hindi —nakangiting pakli ng lalaki sa mababang tinig habang ginagamot ang nakahigang bata.

—E, bakit marunong kayong gumamot? —tanong uli ng binatilyo habang nakamata lamang si Rosita.

—Natutuhan ko ito sa sariling pag-aaral, nguni't wala akong titulo.

—Ito ho ba ang bahay ninyo? —usisa pa ni Ben.

Tumango lamang ang lalaki na patuloy sa paggamot kay Tessie.

—E bakit wala kayong kasama? Wala ba kayong asawa't mga anak?

Napawi ang ngiti ng lalaki at malungkot na napailing.

—Ano ka ba, Ben, tanong ka nang tanong? —hadlang na ni Rosita.

—Mabuting bata ito, Ginang... madali siyang makakikita ng kaibigan. —nakangiting sabi ng lalaki at tinanaw si Rosita. Binalingan uli ang binatilyo at hinawakan sa balikat. —Ako'y nag-iisa rito at wala akong kasama liban sa isang utusan na namamalengke ngayon.

Napatango si Ben na hindi na nagsalita pa.

—Ano ho ang pangalan ninyo? —tanong naman ni Delia, ang dalagitang anak ni Rosita na sumunod kay Ben. Parang humahanga ito sa kakisigan ng lalaki gayong matanda na at may bahagya nang kulubot na balat sa pisngi.

Ngumiti uli ang lalaki at hinarap naman ang da-



# Sa Ibabaw ng Gulod

**NABIGO KAY MARIO ANG PANGARAP NI MANG KARYAS NANG MABATID NIYANG ANG ANAK PALA'Y . .**

*nobela ni MODESTO B. MANZANARES*

(Ika-14 na Labas)

SA Pinaglabanan, ang bayang kinaroroonan ng sinalakay na garison ng mga Hapones, ang mga mamamayan ay tigib ng pangamba nang magising kinabukasan. Naging usap-usapan sa mga umpukan ang naganap na pangyayari nang nagdaang gabi.

—Patay raw lahat ang mga Hapon, —ang wika ng isa.

—Mabuti nga sa kanila. Labis na ang pahirap na ginagawa nila sa atin. — Subali, biglang napipi ang nagsalita. Napatutop sa bibig na tila may nagunita, at tila natatakot na iginala ang paningin sa mga kaumpok.

—Kaiingat ka, itoy, — ang pagbabala ng isang matandang kaharap sa umpukang iyon. —Alam mo nang dilikado ang ating lagay ngayon.

Sa Kulyaw naman, ang nayong nilikasan nina Mang Karyas at ngayo'y itinuturing na nilang sariling nayon, ang mga kilos ng mga tao ay katulad din sa kabayanan, sa Pinaglabanan.

Sa mga umpukan ay ang naganap sa kabayanan kagabi ang pinag-uusapan. Nguni't pipi rin sila. Hindi nila maihayag nang buo ang laman ng kanilang damdamn. Laging na sa umpukan si Tininting Kiko na pinaghihinalaan na nila ng di mabuti. At marahil ay nagmamanman ito ng maaaring maituro sa mga kaibigang Hapones.

Sa bahay sa gulod, sina Aling Inggay, Linda, Fred, at Victor ay sakbibi ng agam-agam. Hindi na natuyuan ng luha ang mga mata ni Aling Inggay.

—Ang Itay... ano na kanya'ng nangyari sa kanya? —malimit ay naitatanong ni Victor sa ina.

Gayondin si Fred.

Si Linda naman bagama't hindi gaanong nagkikikibo, ay naninimdim din. Dalawang kaluluwa ang ipinamimighati niya, si Mang Karyas na itinuturing na niyang parang tunay na ama, at si Mario na mahal sa kanya.

Dalawang araw pagkaraan ng pananalakay ng mga gerilya sa garison sa Pinaglabanan, ang mga Hapones ay biglang-bigla na lamang sumipot sa bayang iyon. Nakarating sila hanggang sa pinakaliblib na nayon sa paghahanap sa mga kamag-anak ng mga gerilyang kinulong sa garison at naitakas naman ng mga kasamahang namumundok.

Sapagka't ang marami sa mga gerilyang kinulong sa garison ay taga-Kulyaw, sa nayong iyon ipinalasap ng mga Haponees ang lupit ng paghihiganti. Kinalap ang lahat ng mga taga-nayon, mabata't matanda, at kinulong sa kapilya at sa bahay-paaralan. Kasama sa mga nakulong sina Linda at ang mag-inang Aling Inggay.

—Ano kaya ang gagawin sa atin, Inay? —takot na takot na wika ni Victor.

—Ewan, —ang tugon ni Aling Inggay na pinanginginigan ng tinig. —Dumalangin tayo, anak. Linda, magdasal tayo.

Sa kapilya sa nayon sila nakukulong.

Hindi makaluhod sina Aling Inggay sapagka't nagsisikip sa dami ng tao ang loob ng kapilya, at nagkasiya na sila sa pananalangin nang nakatayo.

—Ama namin, sumasalangit Ka, —pangunguna ni Aling Inggay sa pagdarasal, at ginaya siya ng karamihan. —Sinasamba namin ang ngalan Mo...

Nagambala sila sa pagdarasal nang marinig nila ang sigaw ng isang lalaking kasama nilang kinulong.

—Naku, —anang lalaki, —binubusan ng gasolina ang palibot ng kapilya' Sisilaban marahil tayo nang buhay!

Napatili ang mga babae. Nagpalahaw ng iyak ang mga bata. Datapwa't wala silang magawa kundi ang gayon. Hindi sila makapangahas umalis sa loob ng kapilya sapagka't mahigpit na natatanuran ng mga kawal na Hapones ang palibot.

Mayamaya'y nakarinig sila ng mga putok. Nagkagulo ang mga Hapones. Sinamantala iyon ng mga na sa loob ng kapilya. Nagtakbuhan silang palabas. Nguni't may ilan din sa kanilang nabaril ng mga kaaway.

Nakisama sina Aling Inggay sa mga kanayong nagpapanakbo. Malayo na ang kanilang natatakbo nang maramdaman nilang may balang humahaging sa kanilang tabi. Binababaril sila ng isang Hapones na nakakita sa kanila.

—Inay! —ang narinig ni Aling Inggay na tili ni Victor. Nang lingunin niya ang anak ay nakita niyang nauupos ito sa pagkakatayo. Tumigil siya sa pagtakbo. Tumigil din sina Linda at Fred. Nilapitan nila si Victor.

—Diyos ko! Ang anak ko! Nabaril! —at humagulgol ng panangis si Aling Inggay.

—Mga gerilya... mga gerilya... —sigawang narinig ni Aling Inggay, nguni't hindi niya iyon iniintindi. Ang kanyang pansin ay napapabuhos sa anak na nag-aagaw-buhay.

Binuhat ni Aling Inggay si Victor, at tila masisiraan ng bait na itinakbo ang anak. Malayo na ang kanilang naaabot nang marinig nilang tigil na ang putukan. Humihingal na ibinaba ni Aling Inggay ang pangkong anak.

—Inay, tingnan ninyo. Hindi na yata humihinga si Victor, —ang wika ni Fred nang mapagmasdan ang ayos ng kapatid.

Dinama ni Aling Inggay ang puso ng anak. At napahagulgol siya nang walang siyang maramdamang pintig sa dibdib ni Victor. Hindi na ito humihinga. Patay na!

Nang tumunghay si Aling Inggay ay nakita niyang nalilibot sila ng mga sandatahang lalaki. Iyon ang mga gerilyang sumalakay sa garison.

—Inay... —narinig ni Aling Inggay na tawag ng isang tinig na kilala niya.

—Mario! —Niyakap ni Aling Inggay ang dumating. May dalang kabin si Mario, at ibinaba niya iyon nang makita ang ayos ng kapatid.

—Ano'ng nangyari kay Victor? —nagugulumihanang tanong ni Mario

Ang matibay na puso ni Mario ay hindi nakatagal sa tagpong nasaksihan niya. Hindi siya napaiyak nang makita niya ang sinapit ng kanyang ama noong hanguin nila ito at ang mga kasamang gerilya sa garison. Subali't ngayon, ay napaiyak si Mario. Nasira ang tibay ng kanyang loob. Niyakap niya si Victor.

Nguni't sandali lamang ang pagkakagayon ni Mario. Nang tumindig siya ay tuyo na ang kanyang luha. Matigas na matigas ang kanyang mukha.

—Mga w a l a n g h i y a! Magbabayad kayo! —ang panunungayaw ni Mario.

Nang bumalik sa bundok ang mga gerilya ay kasama na ni Mario ang ina't kapatid at si Linda. Isang kasamahang gerilya ang pumangko sa wala nang buhay na katawan ni Victor.

Nang makarating sila sa bundok ay lalo nang naluha si Aling Inggay nang datnan naman niya ang asawang n a k a h i g a sa isang tiheras sa isang kubong itinayo ng mga gerilya. Putol na ang isang paa ni Mang Karyas. Pinutol iyon ng doktor na kasama ng mga gerilya sa pamumundok. Iyon lamang ang magagawang paraan upang mailigtas sa kamatayan si Mang Karyas.

Natutulog si Mang Karyas nang dumating sina Aling Inggay, at hindi binayaan ng mga gerilyang nagbabantay kay Mang Karyas na malapitan ito ng asawa't mga anak.

—Hindi pa ho siya gumagaling, —ang sabi ng gerilya kay Aling Inggay. —Huwag muna ninyong lalapita't baka makasama sa kanya.

SA BUNDOK NA nanirahan sina Aling Inggay, Fred, at Linda. Doon sa bundok na iyon nalibing si Victor. Tumutulong ang mag-ina at si Linda sa pag-aasikaso sa mga sugatang gerilya at sa paghahanda ng pagkain at pangangailangan ng mga iyon.

Magaling na si Mang Karyas. Bagama't payat pa, siya naman ay nakagagalaw na. Isa na nga lamang siyang inutil. At ang gayon ay lubhang dinamdam ni Mang Karyas. Tuwing madarama niya ang k a n y a n g walang silbing kalagayan ay napapaiyak siya.

—Bigo nang lahat ang aking pag-asa at pangarap para sa aking sarili, —isang araw ay sinabi ni Mang Karyas kay Mario nang makausap niya ito n a n g sarilinan. —Ibig kong maglingkod sa aking bayan. Nguni't sa kalagayan kong ito ay paano ko pa magagawa ang gayon? Isa na lamang akong pasanin para sa inyo... sa mga gerilyang kasamahan ko.

Hindi kumibo si Mario. Hindi nagbabago ang katigasan ng kanyang mukha.

—Ibig ko sanang ang mga pangarap ko'y mapasalin sa iyo, —patuloy ni Mang Karyas. —Maliit pa si Fred. Hindi pa siya maaaring maglingkod sa bayan. Akala ko noong araw ay bigo ako sa iyo...

Parang may kumurot sa puso ni Mario sa narinig niyang sinabi ng kanyang ama.

—Ibig kong maging isa kang bayani, Mario, — wika pa ni Mang Karyas. —Nagagalak ako't nakapaglilingkod ka sa ating bayan. Nagagalak ako't naisipan mong maggerilya kahit batang-bata ka pa.

—Hindi ko ibig maglingkod sa aking bayan! —Napalakas ang tinig ni Mario. —Ibig kong... ibig ko lamang... pumatay... ng mga Hapon!...

Pamulagat na napatingin si Mang Karyas kay Mario.

—Hindi mo ibig maglingkod sa iyong bayan? --parang di makapaniwalang sabi ni Mang Karyas.

Hindi kumibo si Mario. Sa sarili niya ay hindi niya malaman kung bakit gayon ang nasabi niya. Hindi rin niya nauunawaan kung ano ang kanyang dinaramdam, at hindi niya kayang ipaliwanag iyon sa ama.

Hindi na rin kumibo si Mang Karyas. Hindi rin niya nauunawaan kung bakit gayon ang kanyang anak na ito. Ibig niyang maniwalang mabuti si Mario. Subali't ibig din niyang maniwalang masama ito. At napabuntunghininga na lamang si Mang Karyas sa di pagkabatid kung ano ang dapat niyang isipin.

Nang maghiwalay ang mag-ama, matagal na tumayo sa kadiliman si Mario. Nag-iisa siya. Isang di-mawaring damdamin ang lumutang sa kanyang kamalayan: masalimuot, tulad ng pagiging masalimuot ng kanyang kamusmusan at ng damdaming iniukit ng pangit na kapaligiran sa kanyang katauhan.

Napatingin si Mario sa langit na nilalagom ng karimlan ng gabi. Diyos lamang ang nakababatid kung magiging ano siya sa haharapin.

(ITUTULOY)

## Hindi Katakataka

Isang araw, nagulat sina Mang Huwan nang dumating sa kanilang bahay si Senador Bigatin. Dati-rati, hindi man lamang sila mabati niyon, lalung kung nakasakay sa magarang kotse...

—Ano po ba'ng atin? —tanong ni Mang Huwan.

—E... wala naman. Ibig ko lang malaman kung ano ang kalagayan ninyo rito para makapaghandog ako ng aking tulong, kung kakailanganin, —nakangiting sagot ng senador.

Napakunot-noo si Mang Huwan. Pagkuwa'y napatangu-tango...

—A, hindi nga pala katakatakang magkaganito... —ang naibulong sa sarili. —Malapit na nga pala uli ang halalan!


Dalawang "T" -- TANDAAN!

Kapag kasuwabihan ng paninigarilyo ang pinag-usapan, nangunguna ang SNOW WHITE. May sangkap na pampalamig upang magdulot ng nakasisiyang linamnam gayong nananatili ang bango ng tabako. Ang SNOW WHITE ay idolo ng mga may "Dalawang T" —ang mga may tinatawag na "tender throats". Hindi masakit sa lalamunan at hindi kayo uubuhin — napakabuti at malamig na hititin!





INTERNATIONAL TOBACCO CO.
INCORPORATED

516 Del Pan, Manila
Tels. 2-93-49; 2-93-52; 2-65-76



Tarzan
ni EDGAR RICE BURROUGHS
SA GITNA NG PUSIKIT AT MAPANGUBLING KARIMLAN, TINANGKANG SAKSAKIN NI WALTER KEYS KANYANG PAMANGKIN!
ANG MGA NAGULANTANG NA KAWAL AY NAGTANGGOL SA KANILANG REYNA, NGUNI'T PASIBASIB NA NAKIPATUNGGALI SI KEYS --
AT NAKALABAS SA PINTO NANG HINDI NAKILALA.
...ILANG SANDALI PA, SUMISIGAW AT GALIT NA MGA TINIG ANG GUMISING SA NATUTULOG NA MGA "PANAUHIN"!
NILAPITAN NG DOKTOR-KULAM ANG TAONG-UNGGOY. "IKAW! IKAW ANG NAGTANGKANG PUMATAY SA AMING REYNA!" NAGULAT SI TARZAN. "ANO ANG SINASABI MO..."
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.
"ANG SALARIN AY HINARANG!" SIGAW NG DOKTOR-KULAM, "AT NABITIWAN ANG PATALIM NA ITO -- ANG IYONG PATALIM!"
ITUTULOY...


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
PUMAILANLANG ANG DAMBUHALANG SASAKYAN, PAPALAYO SA DAIGDIG!
TAYO'Y --GUMAGALAW! MANDRAKE --ANG BB. KALAWAKAN! PARANG IMPOSIBLE--NGUNI'T NARIRITO TAYO--SA ISANG MILYANG HABANG SASAKYAN!
OO--UPANG PILIIN ANG BB. KALAWAKAN! PARANG IMPOSIBLE--NGUNI'T NARIRITO TAYO--SA ISANG MILYANG HABANG SASAKYAN!
SAAN KAYA TAYO PUPUNTA? PAKINGGAN MO--
PUMASOK KAYO RITO. HUWAG KAYONG MABAHALA.
OH--NATATAKOT AKO--!
GUMAMIT KAYO NG "COMMUNICATOR" PARA MAINTINDIHAN NAMIN ANG WIKA NINYO AT NANG MAKAPAG-USAP TAYO.
!
!
NGAYON--NANALO KA SA TIMPALAK SA INYONG PLANETANG DAIGDIG. NGUNI'T DAPAT AY NAG-IISA KA LAMANG. BAKIT KA NAGSAMA NG LALAKI?
HINDI LANG IYON ANG NILABAG NIYA--PINAG-ARALAN KO ANG TIMPALAK NILA--
ANG TIMPALAK NA ITO'Y PARA SA PINAKAMAGANDANG BABAE SA KALAWAKAN. SA INYONG TIMPALAK AY KAYONG MGA TAO LAMANG ANG KASALI. BAKIT HINDI NINYO SINALI ANG MGA BABAING BAKA, ASO, KABAYO--?
KABAYO?
© 1957, KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED
2-3
HINDI N'YO BA IBINIBILANG NA MAGANDA ANG KABAYO?
SANDALI LAMANG! HINDI SIYA ANG NAMAHALA. NANALO LAMANG SIYA! SINO'NG NAGPAPALAKAD NITO? SAAN NINYO KAMI DADALHIN?
GAMITIN MO ANG "COMMUNICATOR" WALA KAMING MAINTINDIHAN!
ITUTULOY-


Si Gus at si Jac
ni Walt Disney
Walang kumikilos sa lumang bahay sa isang malayong lupain... maliban sa mga daga!
H-HUH? WATSAMARA?
ZUK ZUK! HALIKA, DALI!
SA SILID NI SINDERELA! ZUK ZUK!
SILID NI SINDERELA!
ANO KAYA'NG GINAWA NG TIYANG DAGA KAY SINDERELA?
Nilusob ng kompanya ng mga daga, patungo sa kisame -- sa lihim na lagusan ng lumang bahay...
BILISAN N'YO!
NASA PANGANIB SI SINDERELA!
GUS! GUS! GISIN-N-N-G!
ZUK ZUK! PINATATAWAG TAYO NI SINDERELA!
UNO... TRES....
MATCHES
© 1957 Walt Disney Productions — World Rights Reserved
ON DI DOBOL! BINOMBA ANG PEARL HARBOR! BAKA DI MAKAHABOL!
SINGKO... HA?
2-3
TULAK!
HILA!
NARIYAN NA AKO, SINDERELA!
Distributed by King Features Syndicate.
Samantala, sa malungkot niyang silid, nag-aatubiling naghihintay si Sinderela sa tulong ng mga kaibigan niya...
DIYOS KO! MAY SAKLOLO KAYANG DARATING?
ITUTULOY...


TAKSIL
ni NESTOR REYES
PANAHON NG PANANAKOP... ARAW NG KADILIMAN NG ATING BAYAN. SA ISANG NAYON SA BULAKAN AY NAGAGANAP ANG ISANG MAKAYANIG-DAMDAMING TAGPO...
DOROBO, HE...!
PATAWARIN NA N'YO KOOOO! ...MAGNO!... TULUNGAN MO 'KO!... MAGNOOO!
TULUNGAN? HA-HA-HA-HA!...BUTI NGA SA'YO!
GUHIT NI TEMY BAUTISTA
AYAW KANG MAKIPAG-TULUNGAN SA AMIN!... NGAYON, KAMOTENG-KAHOY LANG E NANAKAWIN MO PA!
WALA NA LANG KAMING MAKAIN KAYA AKO NAGKA-GANITO!... MAGNO... KAAWAAN MO ANG AKING PAMILYA!... MAILILIGTAS MO AKO KUNG GUSTO MO!
WALA AKONG MAGAGAWA, SIMEON! ...HA-HA-HA...
MARAMI ANG NAMUHI KAY MAGNO SA PAGIGING LUBHANG MAKAHAPON, AT LALONG NAGALIT SA KANYA ANG MGA TAO NANG ISANG ARAW AY...
...MAKIPAGTULUNGAN TAYO SA HAPON, MGA KAIBIGAN, PAGKAT SILA ANG ATING MANUNUBOS!... ANG MGA AMERIKANO AY MASASAMA!... HINDI NA SILA NARARAPAT TUMUNTONG NA MULI SA ATING BAYAN...
ISANG ARAW...
HINDI AKO ANG PUMATAY, MAGNO!... TULUNGAN MO AKO!... MAAWA KA SA AKING MGA ANAK...
IKAW ANG KANILANG PINAGHIHINALAAN AT WALA AKONG MAGAGAWA, BASTIAN!... SUMAMA KA NA PARA HINDI KA MADISGRASYA!
LANTARANG IPINAKITA NI MAGNO ANG PAGKAMPI SA MGA HAPONES SA LAHAT NANG PAGKAKATAON. AT TINAGURIAN SIYANG ISANG TAKSIL...
HAYAN NA NAMAN ANG TRAIDOR...
MAY ARAW DIN IYAN!... PAGBABALIK NG MGA KANO E MAKAGAGANTI RIN TAYO...
TALAGA NAMAN! LINTIK NA LANG ANG WALANG GANTI!... MAY PAGKAKAUTANG DIN SA AKIN ANG MAGNONG IYAN!
AT NANG MAKABALIK NGANG MULI SA PILIPINAS ANG HUKBONG AMERIKANO, SI MAGNO AY ISA SA MGA UNANG INUSIG NG MGA TAONG-BAYAN...
DUMATING DIN ANG ARAW NG PANININGIL, MAGNO! PAGBABAYARAN MO NGAYON ANG IYONG KATAKSILAN!
HINDI AKO NAGING TAKSIL, KAILANMAN!
AT IBIG MO PANG MAGDALAWANG-MUKHA, HA! TALAGANG...
BAGO NAKASAGOT NA MULI SI MAGNO AY INUMOG NA SIYA AT HALOS PAKALADKAD NA DINALA SA LABAS NG BAYAN...
HINDI KA NAMIN BIBIGLAIN!... UNTI-UNTI KA NAMING UUTASIN BILANG KATUMBAS NG IYONG MGA PAGKAKAUTANG...
MGA KASAMA!... INUULIT KONG WALA AKONG NAGAGAWANG MASAMA SA ATING BAYAN... AT SA SINUMAN SA INYO!
MAKALIPAS ANG ILANG SANDALI...
AYAW NINYO AKONG DINGGIN! ...DIYATA'T ITO PA ANG KABAYARAN SA GINAWA KONG PAGPAPAKASAKIT AT PAGTULONG SA...
ABA'T ANG HUDAS NA ITO, E TALAGANG IBIG PA TAYONG ULULIN, A!...
DUKITIN MO NA ANG MATA, NANG MAGKATAPOS!
SA DARATING ANG ILANG GERILYA, KASAMA SI...
BASTIAN!... SALAMAT AT DUMATING KA! IKAW ANG MAKAPAGPAPATUNAY NA AKO'Y HINDI ISANG TAKSIL!
NABALITAAN KO NGANG DINALA KA NILA RITO... KAYA KAMI SUMUNOD, MAGNO!
NAGKAKAMALI KAYO! SI MAGNO AY ISANG BAYANING DAPAT NATING DAKILAIN! NAGPANGGAP SIYANG MAKAHAPON UPANG LALO TAYONG MATULUNGAN! ...ANG TUTOO, SIYA ANG NAGING TAGAPAGLIGTAS NG MARAMING NAHULOG SA KAMAY NG MGA SINGKIT!...
...DAHIL SA PAGTINGIN SA KANYA NG MGA HAPON, NASUSUNOD ANG KANYANG SALITA AT MARAMI SIYANG NAILIGTAS SA KAMATAYAN!... ISA AKO SA MGA NAILIGTAS NIYA AT NATULUNGANG MAKATAKAS!... NAMUNDOK AKO AT NAGGERILYA KAYA... NGAYON LAMANG NAKASIPOT UPANG IBUNYAG SA INYO ANG LAHAT...
LUMITAW ANG KATOTOHANAN. AT SI MAGNO, ANG TINAGURIANG TAKSIL, AY NAGING ISANG BAYANI...
ANG MEDALYANG ITO'Y SAGISAG NG IYONG KABAYANIHAN, MAGNO MATANGLAWIN...
WAKAS


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-6 na LABAS
SAMANTALA, NANG UMUWI SI LEANDRO...
O, KUMUSTA ANG PANONOOD NINYO NG SINE? ...BAKIT HINDI NA DUMAAN DITO SI LULU?
ang nakaraan: MALUNGKOT NA LUMAKAD SI TERESA. SUMAMA NA SI LEANDRO KAY LULU, NGUNIT MASAMA ANG LOOB AT KUMIBO-DILI MAGING NANG NANONOOD NA SILA NG SINE. NAG-UWI NG PANSIT SI TERESA. SA PAG-UUSAP NILA NG INA AT KAPATID AY DI NAPAGLABANAN ANG DAMDAMIN AT NAPABULALAS NANG IYAK...
NAGKASAMAAN KAMI NG LOOB, MAMA...
HA? AT BAKIT?... ANG MGA BATANG ITO...
katha ni EDDIE RAÑOLA
IPINAGTAPAT NG BINATA ANG LAHAT...
TILA MAY KATWIRAN SI LULU... MAAARI NGA NAMANG MAGING PANGIT PARA SA IYO ANG PAKIKITUNGO MO SA ISANG PULUBING KATULAD NG BABAING IYON!
AT MINAMASAMA RIN PALA NINYO ANG GAYON!... HINDI KO AKALAIN, PAPA! KANDIDATO PA NAMAN KAYO AT NARARAPAT SANANG MAGING MALAPIT ANG LOOB NINYO SA MAHIHIRAP!
SA PARTE KO AY OO, PAGKAT AKO'Y ISANG KANDIDATO!... PERO IKAW, MAAARING MAKAPAGPABABA SA PAGPAPAHALAGA SA IYO NG LIPUNAN ANG LUBHANG PAG-ABA MO SA IYONG SARILI!
LIPUNAN! AT ANG ISANG MAHIRAP BANG TULAD NIYA AY HINDI BAHAGI RIN NG LIPUNAN?...
...SAKA, SI TERESA AY MAITUTURING KONG NAKAHIHIGIT PA SA MGA KARANIWANG BABAING NAKIKILALA KO SA LIPUNANG ATING GINAGALAWAN!... MAY NATUKLASAN AKONG MGA BAGAY NA IKINADAKILA NIYA SA AKING PANINGIN...
SIYA... SIYA! KUNG ANO MAN ANG PANINIWALA MO AY WALA NA AKONG SINASABI! HUWAG NA IYAN ANG PAG-USAPAN NATIN! KUMAIN NA TAYO AT NANG MAKAPAGPAHINGA! MAY LAKAD AKO BUKAS NG MAGANG-MAGA!
PARANG DI MAPALAGAY SI LEANDRO NANG GABING YAON. GULO ANG ISIPAN AT WARING BALISA. PABILING-BILING SA HIGAAN...
MATAY MAN NIYANG IWAKSI AY LARAWAN NI TERESA ANG LAGING NAKALIMBAG SA KANYANG GUNIGUNI, SA ANYO NITONG KAAWAAWA... LUMULUHA DAHIL SA ABANG KALAGAYAN, NA NARAGDAGAN PA NG PAGUPASALANG TINANGGAP KAY LULU NANG HAPONG YAON...
TINUTUGTOG NA NG ORASAN ANG IKA-SAMPU NG GABI, NANG BIGLANG BUMANGON ANG BINATA. NAGBIHIS AT MAINGAT NA LUMABAS NG SILID...
TULOG NA SILANG LAHAT...
PATIYAD NA KINUHA ANG KANYANG BIYULIN, AT NANAOG...
KAILANGANG MAKAUSAP KO SIYA NGAYONG GABI... AT ITO ANG PARAAN!
MAKALIPAS ANG ILANG SANDALI, NASA TAPAT NA NG TAHANAN NINA TERESA ANG BINATA. NAGTAKA SIYA NANG MARINIG NA MAY TUMUTUGTOG SA PIYANO BAGAMAN MAY KALALIMAN NA ANG GABI... ANG TUGTUGIN DING UNANG NARINIG NIYA ROON--ANG "REMEMBER ME"...
PARKI
NATAPOS ANG TUGTUGIN. NANG MAPAWI ANG HULING ALINIGNIG NIYON, AY MARAHANG PUMAILANGLANG ANG ISANG MAGANDANG HIMIG--NA BUHAT NAMAN SA BIYULIN NG BINATA...
ANG TUMUTUGTOG NG PIYANO, NA DILI IBA'T SI TERESA, AY MAY PAGTATAKANG NA PALINGON SA DAKONG BINTANA...
ITUTULOY-




"...at napagpakuan ko ng tingin ang batang yaon..."

**Tunay na Pangyayari**

# "HIGIT NA MAPALAD..."

***Pagtatapat ng isang Aguwador kay Benito R. Cadiz***

MARAMI ang nagkakamali ng paniniwala at pagkakilala sa buhay. Kapag naghihirap na at nagdaranas ng mga kasawian, nawawalan na ng pananalig sa Maykapal. Sinisisi ang kapalaran. May paghihimagsik na nagsasabing malupit ang buhay at ganap nang pinaglalahuan ng pag-asa sa kagandahan ng daigdig na kanilang ginagalawan.

Nguni't nagkakamali nga ang marami. Sapagka't ang tutoo, laging maganda ang buhay. Tayo lamang ang kung minsa'y hindi nakamamalas ng kagandahang iyan, sapagka't ang ating paningin ay natatakpan ng karimlan sa madilim na bahaging ating kinaroroonan.

Kung bakit ko nasabi iyan, ang aming buhay ay isang halimbawa. At isang pangyayari ang aking isasalaysay bilang katunayan.

---

Kami'y malaon nang na sa banig ng kahirapan —ako, ang aking asawa at ang aming tatlong anak.

Matagal na akong hindi makakita ng mabuti-buting trabaho. Nakararaos kami sa oras at nakatuntong ng paaralan ang aming mga anak sa pamamagitan lamang ng pagpapatulo ko ng pawis bilang isang agwador sa aming pook sa may San Francisco del Monte.

Kadalasan, kung mahina ang aking kita, ay tuyo o dilis lamang ang aming ulam. Malimit din kaming maglugaw sa tanghalian at hapunan. Subali't sa kabila ng aming pagdaralita, hindi kami nakalilimot sa Diyos. Nagpapasalamat pa rin kami sapagka't hindi Niya kami lubusang pinababayaan.

Nguni't, waring sadyang pinaglulupitan kami ng palad, malimit pang magkasakit ang aking asawa. Ang naging sakit niya sa baga noong kami'y bago pa lamang kasal ay madalas umulit lalona kung siya'y nalalamigan, napupuyat o lubhang napapagod sa pagharap sa mga gawaing pambahay.

Dahil nga sa pagiging masasaktin ng aking asawa, lalong kinukulang ang maliit ko nang kinikita. Nguni't hindi kami ganap na pinaglalahuan ng pag-asa. Sa halip, patuloy kaming nananalig na darating din sa amin ang awa ng Diyos. Mahahango rin kami sa aming kalagayan. Sino ang makapagsasabi? Baka minsa'y makapulot na lamang ako ng salapi, dili kaya'y makapanaginip ako ng numero at tumama sa suwipsteyks. Maraming paraan ng pagkakaroon ng salapi, bilang kapalarang hulog ng langit.

Patuloy ang dating lakad ng mga bagay-bagay sa pamumuhay naming mag-anak, hanggang sa dumating ang panahong maragdagan ang aming mga suliranin. Ito ay nang magtapos sa elementarya ang anak naming panganay, si Efren.

Kadarating ko lamang noon ng bahay buhat sa pag-aaguwada nang malungkot na lapitan ako ng aking anak.

—Itay... kailangan daw namin ang puting baro, saka puting sapatos, —ang sisinghut-singhot na wika.

Ipinaliwanag sa akin kung bakit. Iyon daw ang napagkayariang isusuot nila sa graduwasyon, bagaman hindi naman sapilitan.

—Nakakahiya kung ako lamang ang walang bagong baro, saka bagong sapatos, Itay ...—dugtong pa ng aking anak. —Pudpod na ang takong ng sapatos ko, saka nakanganga na ang suwelas. Nakakahiya kung iyon pa ang isusuot ko.

—Hayaan mo at gagawa ako ng paraan upang maibili ka ng bagong sapatos, kahit mumurahin... —pagbibigay-aliw ko naman. Alam kong ang graduwasyon ng sinomang bata ay isa sa pinakamahalagang yugto ng pag-aaral. Kalimita'y hinahandugan pa ng mahahalagang alaala ng mga magulang ang kanilang mga anak na nagtatapos.

Kinabukasan nang araw na iyon ay lumakad ako. Nilapitan ko ang aking mga kakilalang ipinalalagay kong maaari kong mahiraman ng kuwalta para sa damit at sapatos na pang-graduwasyon ng aking anak. Nakiusap ako at nangakong babayaran din ang kaunting halagang aking inuutang, kung hindi man ng salapi ay ng makakayanan kong paglilingkod.

Nguni't ako'y nabigo. Talagang bihira nga yata ang nagtitiwala sa mga katulad kong mahirap. Nangatatakot na baka wala akong ibayad at hindi na mapalitan ang bibitiwang halaga.

Maghapon halos na naglakad ako. Gumawa ako ng ibang paraan upang makadilihensiya para sa kailangan ng aming anak. Nguni't sadyang nauukol sa wala. Ako'y umuwing bigo.

May pananabik na sinalubong pa ako ng aming anak. Nguni't nang malamang wala akong uwing salapi ay malungkot na napatungo na lamang.

—Huwag kang malungkot. anak... —parang ibig kong maluha nang kausapin ko siya. —Talagang ganito ang mahirap...

—Alam ko, Itay... —marahan niyang wika. —Pero nahihiya lamang ako sa aking mga kaklase. Pihong ako lang ang sira ang sapatos pagtanggap ko ng diploma.

—Hindi na bale. Higit kang magiging mahalaga sa paningin ng mga nakauunawa dahil sa pangyayaring iyan, —pagbibigay-aliw ko naman. —Basta malinis lamang ang suot mo at siyaynin mong mabuti ang luma mong sapatos ay gaganda ka sa paningin ng lahat. Masasabi nilang sa kabila ng ating kahirapan ay nakuha mo ring pumaris sa ibang mapapalad kahit na sa pagtatapos lamang ng elementarya...

Marami pa akong binanggit na pampalubag-loob sa aming anak. At ako'y tila naunawaan naman niya. Wala na ang bakas ng kalungkutan sa kanyang mukha nang mahiga kami nang gabing yaon. Kinabukasan ay araw na ng kanilang graduwasyon.

Subali't kinabukasan ng hapon, nang ang aming si Efren ay kabilang na sa mga batang na sa paaralan at naghihintay ng pagtanggap ng kanilang diploma, ay hindi ko napigil ang pangingilid ng aking luha. Noon ko naunawang ako'y nagsisinungaling sa aking anak nang nagdaang araw. Na ako pala ang unang-unang makadarama ng kirot ng kalooban sa mga sandaling iyon na nakikita kong tila kawawa ang kalagayan ng aming anak sa piling ng ibang mga bata. At nang mga oras na

(Sundan sa pah. 31)




(ANG PANGALAN NG MGA TAUHAN AT ANG MGA PANGYAYARING BUMUBUO SA MGA KUWENTONG NALALATHALA SA MAGASING ITO AY PAWANG KATHANG-ISIP LAMANG NG SUMULAT. ANG ANO MANG PAGKAKAHAWIG SA TUNAY NA BUHAY O PANGALAN NG SINOMANG TAO, BUHAY MAN O PATAY, AY ISANG PAGKAKATAON LAMANG NA DI SINASADYA)

## Iba't-ibang KULAY sa PUTING-TABING

**pitak ni eddie rañola**



Ang apat na pangunahing tauhan ng "EL ROBO" ng LVN — sina Jose Vergara, Armando Goyena, Delia Razon at Carlos Padilla, Jr.

Minsa'y nakita namin si Nida Blanca na nag-iisang bubulung-bulong sa isang panig ng estudyo ng LVN. Nagtaka kaming magkakasama. Naisaloob naming baka kung napapaano na ang galawgaw na bituin. Nang lapitan ng isa sa amin ay saka lamang nalaman ang dahilan. Nagsasanay pala si Nida ng salitang hapon. Ayon sa kanya ay mabuti na ang marami siyang naiintindihan sa mga salitang hapones pagdating niya sa Hapon.

Si Nida, kasama sina Nestor de Villa, Rebecca del Rio, Luisa Montesa at marami pang bituin ng LVN, ay nakatakdang tumulak na patungong Tokyo sa magtatapos ng buwang ito. Gagawin nila roon, sa pagtutulungan ng LVN at Daiei Motion Pictures. ang **Turista** na pamamahalaan ni Direktor Felising Constantino.

Sa pagtungo sa Hapon nina Nida at Nestor ay isang bagay lamang ang pinangangambahan ng maiiwang mga kasamahan nila sa estudyo — baka si Nestor ay pagkaguluhan at di na pauwiin ng mga haponesang mabibihag ng kagandahan niyang lalaki. Gayondin si Nida. Baka nga naman dahil sa kagalawgawan nito ay gumawa ng mga kapilyahan at mapasubo sa alanganin. At mahirap na, pagka't malayo sila sa sariling bayan.

"Huwag kayong magalaala," sabi ni Nida sa nanunuksong mga kaibigan. "Magpapakabait tayo roon!"

"Babalik kaming walang-labis-walang-kulang," pabirong wika naman ni Nestor.

---

Halos kasabay ng mga taga-LVN, si Cirio H. Santiago at si Direktor Gerry de Leon ay tutulak ding patungo sa Tokyo at sa Hollywood upang gumawa ng mga pakikipag-ayos para sa kanilang malalaking produksiyon — ang **Tokyo Odori** at **Sweethearts.** Ang dalawa'y mananatili sa Tokyo nang humigit-kumulang sa isang linggo, at pagkatapos ay saka lilipad na patungong Hollywood, na kinaroroonan ni Direktor Eddie Romero. Si Eddie ay kasalukuyang na sa Hollywood pagka't hinaharap ang "editing" ng pelikulang **The Day of the Trumpet** na nakatakdang itanghal sa maraming dulaan sa Estados Unidos.

Ang **Tokyo Odori** ay lalabasan nina Tita Duran at Pancho Magalona, samantalang ang **Sweethearts** ay pagtatambalan nina Zaldy Zshornack at Shirley Gorospe, na ayon sa mga huling balita ay magkasintahan na sa tunay na buhay.

---

Isang araw, isang taga-FAMAS ang nagbulong sa amin ng isa pang bagong balita. At ito'y mahalaga para sa mga tagahanga nina Gloria Romero at Juancho Gutierrez.

Isang hapon daw na ang k a s a p i n g ito ng FAMAS ay mapagawi sa Sampaguita ay inabot na nag-uusap ang dalawang bituin. Medyo nakatalikod daw si Gloria at waring taimtim na pinakikinggan ang sinasabi ni Juancho, samantalang ang binata ay seryung-seryo at tila nakikiusap.

Naputol ang kahinahinalang tagpo pagka't lumapit ang isang taga-Sampaguita at niyayang magminindal sa kantina ang dalawa.

Kung ano ang sinasabi ni Juancho, ay siyang hindi nalinawan ng nagkuwento sa amin. Nguni't ang dalawa ay binata't dal a g a, at maaaring... alam na natin kung ano. At kung magkatutoo man ay h i n d i masama. Si Juancho ay binata, at si Gloria ay dalaga.

Nguni't ito pala ang siste. Nang tuksuhin si Juancho ng binabanggit naming taga-FAMAS ay nagtawa ang artista. Sapagka't ang tagpo palang iyon na ipinaghinala sa dalawa ay isa lamang pagsasanay ng dalawang bituin sa isang tagpong ginagampanan nila sa **Mga Anak ng Diyos,** na kinakailangang pigilin pa ni Juancho sa kamay si Gloria. "Nais lamang naming maging makatotohanan ang tagpong iyon kaya sinasanay naming mabuti..." paliwanag pa raw ng binata. Kaya napakamot na lamang sa ulo ang isa.

---


Ang Everlasting Pictures ay masasabing pumasok na sa ibang larangan. Hindi lamang ang paggagawa ng pelikula ang hinaharap ngayon ng Samahan kundi ang nauukol naman sa musika. Gagawa ng mga plaka ang samahan, at mga awit ng sarili niyang mga bituin.

Ang unang isasaplaka ng Everlasting ay ang "Ikaw Ang Una Kong Pag-ibig" na aawitin ni Celia Fuentes, at ang salin nito sa ingles na aawitin naman ni Tony Cruz, Jr.



YCO makes the beautiful difference!



for exteriors...




or interiors —




You paint better for less — with YCO

ELIZALDE PAINT & OIL FACTORY INC.

Nagkakatuwaan ang mga bituin ng Sampaguita sa larawang itong kuha pagkatapos ng isang komperensiya sa "MGA LIGAW NA BULAKLAK". Kung ano ang itsinitsismis ni Daisy Romualdez sa bagong tuklas na si Marlene Dauden ay mahirap mahulaan. Samantala'y tingnan ninyo ang anyo nina Bella Flores, Tony Marzan at Romeo Vasquez!



Tagpo pa sa "EL ROBO" na pinamahalaan ni Manuel Conde.

Larawang kuha sa "Lauriat" na handog ni Leon Lopez, tagapamahala ng Center Theatre, kina Dr. at Gng. Jose Perez. Ang mga Perez ay tutulak na patungong Estados Unidos upang magbakasyon doon ng mga tatlong buwan.



Ang awit na ito ay maririnig sa **Laki sa Layaw** na kasalukuyang isinasapelikula ng Everlasting.

Ang susunod na isasaplaka ay ang kina Ruben Rustia at Lito Anzures, na tiyak na magugustuhan ng madla. Sina Tito Arevalo at Jose Ma. Sarte III ang mamamatnugot sa Everlasting Symphony Orchestra para sa mga plakang ito at sa mga susunod pang gagawin ng samahan.

---

Ang **Kandilang Bakal** ng Champion Pictures na katatapos lamang itanghal sa Life ay isang magandang simula para sa isang kasisilang na samahan. Ang malaking kinita nito sa sampung araw na pagtatanghal, na higit kaysa sa inaasahan ng mga pinuno ng Champion, ay isa nang karagdagang puhunan upang ang samahang ito ay patuloy na pumagitna sa larangan ng industriya ng Pelikulang Pilipino. Hinahangad namin ang pagtatagumpay ng mga susunod pang pelikula ng Champion Pictures!

---

Si Lilibeth Perez, apat na taong gulang na anak nina Dr. at Gng. Jose Perez, ay mapapanood sa **Torkwata**, ayon sa pahayag ng mga taga-Sampaguita. Kung ito'y tutoo, ay hindi katakataka. Si Pepito Perez, na ngayo'y isa nang binatilyo, ay lumabas din sa pelikula — at kinakitaan naman ng pambihirang katangian sa pagganap. Dapat lamang namang magkagayon, sapagka't si Dr. Perez, ang ama ng dalawang "bituin", ay isa ring tunay na artista —sa puso at sa diwa!

---

Nag-aaral na mabuti si Fred Montilla ng Rock 'N Roll. aywan kung sino ang pinaghahandaan niyang kapareha. Ang mga nagtuturo sa kanya ay ang mga tin-edyer na sina Marichu Perez at Liza Ferrer.

Nag-aalaala lamang kaming baka mabutas ang bumbunan ni "Bondying" sa pag-aaral ng sayaw na iyan!

——oOo——

## Ito Ang Istorya ...


(*Buhat sa pah. 19*)

ngis: **Sasama ako, Senon! Hindi na rin lang ako magtatagal. Sasama ako, Senon! Huwag mo akong iwan! Hintayin mo ako!**

Patuloy daw ang pagtatabon at panangis pa rin nang panangis si Aling Barang. Piglas pa rin nang piglas... **Sasama ako sabi, sasama sabi ako... Bitiwan n'yo ako! Sasama ako kay Senon... Senon! huwag mo akong iwan...**

Hindi na raw matandaan ni Ba Kulas kung ano naisip niya, ano ba raw at binitiwan nga niya si Aling Barang. Nataon pa naman daw sa malakas na pagpiglas ni Aling Barang at tuluyan daw na nahulog sa hukay si Aling Barang. Noon daw ay marami nang naitatabon sa kabaong.

Saglit na nagitla raw si Ba Kulas nang makitang nahulog din sa hukay si Aling Barang. Gayon na lamang daw ang pagsisigawan ng mga nakakita. Luminaw daw ang natulirong isip ni Ba Kulas nang muling magsisigaw si Aling Barang: **Iahon n'yo 'ko rito! Iahon n'yo ko!.. Baka ako matabunan... Iahon n'yo 'ko!** ... At dali-dali raw niyang iniahon si Aling Barang. (X)



Tila "sinasandata" ni Zaldy Zshornack ang kanyang ukulele laban sa espada ni Alicia Vergel... at nagkakabisa naman pagka't anyong naakit ang paghanga ng huli! Ito'y nang minsang magtagpo ang "UKULELE BOY" at ang bidang babae sa "MASKARA" ng Premiere Productions, Inc.

Si Rosa Rosal, ang bidang babae ng "BADJAO" ng LVN, samantalang inaayusan ng make-up bilang paghahanda sa isang "location shooting". Kasama sa larawan sina Tony Santos, Leroy Salvador, Joseph de Cordova, Vic Silayan at Arturo Moran na kabilang sa nagsisiganap sa pelikula.



## Higit na...

(*Buhat sa pah. 28*)

iyon, sa kauna-unahang pagkakataon sa gitna ng aming kahirapan, ay nasisi ko ang mga pangyayari. Wari'ng may panunumbat na nasabi ko pa sa sarili kung bakit ang mga katulad naming mabubuti namang tao ay siya pang pinababayaan ng Diyos...

Nguni't sa mga oras ding yaon, lumantad sa akin ang isang katotohanang siyang tumanglaw sa nalalabuan kong isipan.

Sa dakong likuran ng mga taong nagsisipanood ng idinaraos na palatuntunan ay napagpakuan ko ng pansin ang isang batang lalaking makakasing-gulang ni Efren. Marungis ang pananamit at sa anyo ay mapaghahalata ang pangingimbulo sa mga batang kinabibilangan ng aking anak. Isang matandang babaing nang huli'y nakilala kong lola ng batang iyon ang narinig kong nagsalita...

—Kung hindi ka kinamatayan ng iyong ama't ina, marahil ay katulad ka rin ng mapapalad na mga batang iyan.

At nang mga sandaling iyon, biglang nakita ko ang kamalian ng aking paghihinakdal sa abang kalagayan ng aking anak. Naihambing ko si Efren sa batang iyon na higit na kawawa at kulang-palad.

Hindi ko kinukusa, napagpakuan ko naman ng pansin ang isang batang kabilang sa mga magsisipagtapos. Puti rin ang baro ng batang iyon, nguni't sulsihan ang pantalon, nakatsinelas lamang at higit pang aba ang kaayusan kaysa sa aking anak. Sa unang pagkamalas ko pa lamang sa batang iyon ay di ko napaglabanang makadama ng pagkahabag, sapagka't nakita sa kanya ang higit na kahirapang dinaranas kaysa sa aming kalagayan.

At parang sadyang ipinakita sa akin ng langit ang mga bagay na makapagmumulat sa aking pang-unawa, isa pang batang kabilang sa mga magtatapos ang napagpakuan ko ng tingin. Kung kawawa ang ayos ng aking anak na luma ang baro at sira ang sapatos, kung higit na kawawa ang batang iyon na sulsihan ang pantalon at nakatsinelas lamang, ang batang ito na pinagmasdan ko ay lalo pang kahabag-habag ang kalagayan. Malinis rin nga ang damit na puti at sa anyo at ayos ay mapagkikilalang nakaririwasa sa buhay, nguni't putol hanggang tuhod ang dalawa niyang paa at hindi makapagsuot ng kahit sirang sapatos o mumurahing tsinelas! Sa ginawa kong pag-uusisa sa ilang naroroon ay nabatid kong kaya lamang nakapag-aaral ang batang iyon ay binubuhat ng mga kapatid sa pagpasok at paglabas sa paaralan.

Nang muli kong balingan ng tingin ang aking anak pagkaraan ng mahabang sandaling paglilimi-limi sa aking mga nasaksihan, ay taas na ang aking noo at masaya na ang aking kalooban. Sapagka't napag-isip-isip kong mapalad ang aking anak! Mapalad kaysa sa mga batang iyon na lalo pang mga kulang-palad. At kung ang batang iyon na putol ang paa ay masasabing siya nang pinakakawawa sa mga naroroon, mapalad pa rin ang batang iyon kaysa sa ibang may higit pang kapinsalaan na hindi man lamang nakatuntong ng paaralan.

Mula noon, hanggang ngayon at magpakailan man, hindi ko na sasabihing kami'y kulang-palad sa gitna man ng kahirapan at ng ano mang kapansanan. Sapagka't ang tutoo, ngayon ko napag-unawa, ay walang taong dapat maghinanakit sa buhay kahit ano pa ang kalagayan. Pagkaaba-aba man at kawawa man ang isang tao, mayroon pang higit na kawawa at kulang-palad kaysa sa kanya, kaya siya'y masasabing higit na mapalad sa isang iyon! (X)

—oOo—

## Ayon Sa Kanila...

(*Buhat sa pah. 5*)

Harinawang magpatuloy ang kasiya-siyang takbo ng mga pangyayari hanggang sa dumating ang araw na ganap na manumbalik ang kapayapaan at katahimikan ng ating bayan. —*David Q. Zeres, Sta. Mesa, Maynila*



Sa anyo ni Susan Roces ay waring "natatangay na" ni Eddie Arenas na tila "dumidiga" naman nang husto! Tagpo sa "TORKWATA" ng Sampaguita na malapit nang itanghal.



Tila may dumarating na panganib, at nais ipagtanggol ni Alicia Vergel ang minamahal na si Panchol Ito'y madulang tagpo naman sa "THE DAY OF THE TRUMPET" ng C. H. Santiago Film Organization na kasalukuyang inihahanda upang itanghal sa Pilipinas at sa Amerika.





**Ludy Carmona**

Bituin sa Puting-tabing
na kasalukuyang
nagsasabog ng
luningning